DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2F8CEF5871C

**RESOLUSYON BLG. _______**

**RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA NA NAGTATAKDA NG PANSAMANTALANG LIMITASYON SA KOMISYONG IPINAPATAW NG MGA THIRD PARTY FOOD DELIVERY SERVICE SA ILALAIM NG KAPANGYARIHANG PANG EMERHENSIYA NG GLENDALE TUNGKOL SA COVID -19; AT PARA SA IBA PANG KAUGNAY AT NAAAYON SA BATAS NA MGA LAYUNIN**

**Samantalang,** ang internasyonal, nasyonal, estado, at lokal na pangkalusugan at mga pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID -19), isang malubhang sakit sa paghinga sanhi ng isang bagong coronavirus. Ang sintomas ng virus ay may kasamang lagnat, ubo, at kakapusan sa paghinga, at ang mga nahawaang mga tao ay nakakaranas ng iba'-ibang pakiramdam, mula sa banayad na sakit hanggang sa malubhang karamdaman at kamatayan; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19, at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ng Department of Public Health ay nagdeklara ng lokal at pampublikong emerhensiyang pangkalusugan bilang tugon sa pagtaas ng pagkalat ng coronavirus sa buong bansa; at

**Samantalang,** noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang isang pambansang emerhensiya at ipinahayag na ang pamahalaang pederal ay gagawa ng pondong pang-emerhensiya upang matulungan ang estado at ang mga lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Municipal Code Chapter 2.84, ay nagdeklara ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at nag-utos ng pagsasara at limitasyon sa paggamit ng ilang pampublikong establisimyento; at

**Samantalang,** noong Marso 19, 2020, ang Gobernador ay nagpalabas ng Executive Order N-33-20 at ang California Public Health Officer ay naglabas din ng kaukulang kautusan sa mga tao na manatili sa bahay maliban kung kinakailangan sa ilalim ng ilang eksepsiyon; at

**Samantalang,** ang Department of Health ng County of Los Angeles ay nagpalabas ng kautusang Safer at Home, na binago noong May 13, 2020, na nagaatas sa mga taong manatili sa kanilang mga bahay sa ilalim ng ilang eksepsiyon kasama ang pagkuha ng ilang mahalagang bagay kagaya ng pagkain at mga kinakailangang gamit, at ipinapatupad ang pagsasara ng hindi esensiyal na mga negosyo, hanggang sa susunod na abiso; at

**Samantalang,** upang mabawasan ang pagkalat ng virus at mapangalagaan ang pampublikong kalusugan, ang kautusang Safer at Home ay nagbabawal sa mga restawran na mag-alok ng serbisyong dine-in, na nagpapahintulot ng deliberi at take-out lamang;

**Samantalang,** ang paglimita sa mga restawran sa takeout at pagdeliber lamang ay naglagay sa kanila sa biglaan at malubhang problemang pinansiyal, lalo na sa mga maliliit na negosyo na tumatakbo lamang sa maliit na tubo, na dumagdag pa sa problemang pinansiyal ng industriya bago pag pa ang krisis sa COVID -19; at

DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2F8CEF5871C

**Samantalang,** nasa interes ng publiko na gumawa ng aksyon upang mapalaki ang kita ng restawran mula sa benta ng takeout at deliberi na sa kasalukuyan ay siya lamang pinanggagalingan ng kita ng mga maliliit na negosyo upang makasalba ang restawran sa krisis na ito at manatiling nagbibigay ng trabaho at sigla ng kapitbahayan sa Lungsod; at

**Samantalang,** maraming mamimili ang gumagamit ng third party applications at websites upang bumili sa mga restawran ng take-out at deliberi, at itong mga third party na ito ay sumisingil sa mga restawran ng 12% hanggang 30% ng halaga ng mga binili at iba pang bayarin sa transaksyon;

**Samantalang,** ang gastos sa pagbili ng mga sangkap at iba pang pangangailangan ay tumaas din, dahilan sa krisis ng COVID -19; at

**Samantalang,** ang mga restawran, lalo na ang mga maliliit na restawrang may kaunting mga lokasyon, ay may limitadong kakayahang makipagtawaran upang mapababa ang singil ng third party, lalo pa at maraming gumagamit ng third party sa merkado, at ang mahirap na sitwasyong pinansiyal na kinakaharap ng mga restawran sa krisis ng COVID; at

**Samantalang,** ang paglalagay nga hangganang singil sa bawat order sa halagang itatakda dito ay makatutulong sa pagkamit ng pampublikong layuning pagaanin ang problemang pinansiyal ng mga naghihirap na restawran sa panahon ng emerhensiyang ito na hindi rin lubhang makaaapeto sa mga third party, dahil ang singil na ito ay itututring na makatwiran, at ang mga third party ay patuloy na kikita.

**Samantalang,** ang nasabing mga kundisyon ng panganib ay patuloy na umiiral, at kinailangan na palawigin ang pagpapatupad ng mga naunang resolusyon at pampublikong kautusan at gumawa ng karagdagang proteksiyon upang mapangalagaan ang pampublikong kalusugan at kaligtasan.

**IPINAGTITIBAY NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE** na ang Konseho Ay pamgpapatupad ng sumusunod na Pampublikong Kautusan ("Kautusan"):

SEKSIYON 1.

A. Mga Kahulugan. Para sa mga layunin ng kautusang ito, inilalapat ang mga sumusunod na kahulugan:

1. "Covered establishment" nangangahulugan ng isang restawrang nag-aalok, sa isang komersiyal na transaksiyon sa internet, sa paraang direkta o sa pamamagitan ng mga third party na naghahatid ng pagkain, ng pagbenta at paghahatid ng pagkain sa mga mamimili sa parehong araw mula sa isa o higit pang lokasyon sa loob ng Lungsod. Hindi kabilang ditto ang mga restawrang sumasailalim sa kahulugan ng formula restawran na nasaad sa ibaba.

2. "Delivery fee" nangangahulugan ng singil ng third party na mga nagdedeliber ng pagkain sa mga mamimili mula sa mga establisimyentong nagbebenta ng pagkain. Hindi kasama sa terminong ito ang iba pang mga singil na maaaring hingin ng third party na naghahatid ng pagkain sa mga nagbebenta, katulad ng paglista o pag-advertise sa establisimyento sa food delivery platform ng third party o mga singil sa pagproseso ng online order.

DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2F8CEF5871C

3. “Formula restaurant” nangangahulugan ng isang uri ng restawrang may labing isa o higit pang mga lokasyon na gamit sa pagnenegosyo, o mayroong lokal na lupang gamit o apribadong pahintulot sa ginagamit na lupa, na matatagpuan saan man sa mundo. Bilang karagdagan sa labing isang establisimyento na pinapatakbo o may lokal na lupang gamit o aprubadong pahintulot sa paggamit ng lupa, ang nasabing negosyo ay mayroong dalawa o higit pang mga sumusunod na katangian: may mga panindang standardized, standardized na itsura o facade, standardized na dekorasyon at kulay, may kasuotang uniform, standardized signage, may isang trademark o service mark.

4. “Online order” nangangahulugan ng anumang order na ginawa ng isang mamimili sa pamamagitan ng o sa tulong ng platapormang gawa ng isang third party na tagahatid ng pagkain, kasama na ang order sa pamamagitan ng telepono.

5. “Purchase price” nangangahulugan ng kabuuang presyo ng isang bagay na nakapaloob sa isang online order na nakalista sa menu ng bilihan ng pagkain kung saan ibinigay ang order. Ang nasabing termino ay wala pang kaukulang buwis, gratuities at iba pang mga bayarin na masasama sa kabuuang presyo sa namimili sa pamamagitan ng online order.

6. “Restaurant” (“Restawran”) nangangahulugan ng at kasama ang anumang “restawran na may buong serbisyo”, “restawran na fast food”, at “restawran na may limitadong upuan” na tinutukoy sa Municipal Code Section 30.70.190 ng Glendale. “Restaurant” ay nangangahulugan din at kasama ang anumang lugar kainan na mayroong dine-in service na ipinagbabawal o pinagbabawalan ng Department of Public Health’s Safer at Home Orders ng Los Angeles County na magbigay ng serbisyong dine-in.

7. “Third-party food delivery service” nangangahulugan ng anumang website, mobile application o iba pang serbisyo sa internet na nag-aalok o nagsasaayos ng pagbenta ng mga pagkain at inumin na inihanda ng, at paghahatid sa parehong araw o pagkuha ng pagkain at inumin sa parehong araw, ng hindi bababa sa 20 lugar na kainan sa loob ng Lungsod na pag-aaari at pinapatakbo ng ibat ibang mga tao.

B. Mga limitasyon sa singil habang may deklaradong emerhensiya. Ito ay magiging labag sa batas, habang umiiral pa ang emerhensiya (tulad ng tinutukoy sa ibaba), para sa isang third party delivery service na maningil sa isang nasasakupang establisimyento ng bayarin, kasama na ang bayad sa paghahatid, bayad sa serbisyo, at ipa pang bayarin sa pagproseso, sa kabuuang halagang hiihigit pa sa 15% ng halaga ng biniling bagay sa online order.

C. Pag-uulat ng mga bayarin. Ang bawat resibo ng third party delivery service para sa kostumer o sa nasasakupang establisimyento ay dapat na maliwanag na magsaad ng mga sinisingil na bayarin, binayarang gratuities, at anumang diskwento na binibigay ng nasasakupang establisimyento.

D. Direct Gratuities sa Nasasakupang Establisimyento. Sa diskresyon ng mga nasasakupang establisimyento, ang third party food delivery service ay dapat maglagay sa kanilang plataporma ng mekanismo para sa kostumer na magbigay ng gratuities para sa mga nasasakupang establisimyento. Ang mga bayad na iyon ay dapat ibigay sa mga nasasakupang establisimyento nang buo na kasabay ng pagbibigay ng third party delivery service ng iba pang bayarin sa nasasakupang establisimyento.

DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2F8CEF5871C

E. Panahon ng Pagpapatupad. Ang kautusang ito ay may bias mula Hunyo 3, 2020, at mawawalang bisa kapag natapos na ang estado ng emerhensiya na may kinalaman sa COVID -19 sa Lungsod ng Glendale ("Effective Period").

F. Palugit na Panahon. Ang isang third party food delivery service ay walang paglabag sa kautusang ito kung sa loob ng Hunyo 3, 2020 at Hunyo 20, 2020 ay sumingil sila sa bawat online order sa paggamit ng kanilang serbisyo ng may kabuuang halagang higit pa sa 15% ng nasabing online order, kung isasauli nila ang bahaging siningil na lampas sa 15% ng halaga ng online order sa nasasakupang establisimyento bago sumapit ang Hunyo 17, 2020.

G. Mga Parusa at Pagpapatupad.

1. Kung ang isang third party food delivery service ay sumingil sa isang nasasakupang bayarin na labag sa kautusang ito, ang nasasakupang establisimyento ay dapat magbigay ng nakasulat na abiso sa third party food delivery service na humihingi ng pagsasauli sa loob ng pitong araw. Kung ang third party food delivery service ay hindi nagsauli ng hiningi sa loob ng pitong araw o kung ang third party food delivery service ay patuloy ng sumisingil ng bayarin na labag sa kautusang ito matapos ang paunang abiso at ang pitong araw na cure period, ang isang nasasakupang establisimyento ay maaaring magpatupad ng kautusang ito sa pamamagitan ng paghahain ng usapin na humihingi ng bayad pinsala at injunctive relief. Ang mananalong partido sa ganyang usapin ay mabibigyan ng makatwirang bayad sa mga singil ng isang abogado.

2. Ang mga paglabag sa ilalim ng Kautusang ito ay maiipon nang arawan sa bawat araw na ang nasasakupang establisimyento ay siningil ng labag sa kautusang ito. Ang paglilitis upang makuha ang anumang parusang sibil na pinapayagan alinsunod sa kautusang ito ay dapat naaayon sa proseso ng administratibong pagdinig ng Lungsod. Ang anumang paglabag sa kautusang ito ay maaaring ipagbigay alam sa Opisina ng City Attorney para sa paglilitis ayon sa Municipal Code 1.20 ng Glendale na nagbibigay ng multa ng hindi hihigit sa $1,000.00 o pagkabilanggong hindi hihigit sa anim na buwan. Ang mga paglabag ay maaari ding ipatupad sa pamamagitan ng Municipal Code Chapter 1.24 ng Glendale, na nagbibigay, kasama ng ibang mekanismo ng pagpapatupad na inilatag dito, para sa multanga $400.00 para sa unang paglabag, $1,000.00 para sa pangalawang paglabag at $2,000.00 para sa pangatlong paglabag.

SEKSIYON 2. Kung ang anumang probisyon ng kautusang ito o ang aplikasyon nito ay pinawalang bisa ng isang korte na may karampatang hurisdiksiyon, ang naturang pagpapawalang bisa ay hindi makakaapekto sa ibang probisyon, seksiyon, o aplikasyon ng kautusan o ang Resolusyong ito na maaaring bigyang bisa kahit na wala ang pinawalang bisang probisyon o aplikasyon, at sa puntong ito bawat kataga, seksiyon, pangungusap, o salita ay idineklarang maaaring tanggalin.

SEKSIYON 3. Ang kautusang ito ay hindi pumapalit sa ibang mas mahigpit na limitasyong ipinatupad ng Los Angeles County o ng Estado ng California.

DocuSign Envelope ID: A10C12C0-E73D-47F2-902D-A2F8CEF5871C

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale ngayong ikalawang araw ng Hunyo 2020.

Mayor

ATTEST:

City Clerk

STATE OF CALIFORNIA )
COUNTY OF LOS ANGELES ) SS.
CITY OF GLENDALE )

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagbibigay kumpirmasyon dito na ang naunang Resolusyon Blg.______ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa isang espesyal ng pagpupulong na ginanap noong pangalawang araw ng Hunyo 2020, at ito ay napagtibay sa pamamagitan ng sumusunod na boto:

Ayes:

Noes:

Absent:

Abstain:

City Clerk

APPROVED AS TO FORM

NAME: Michael J. Garcia

TITLE: City Attorney

SIGNATURE: Michael J. Garcia

DATE: June 3, 2020